

# Fact Sheet #2 para sa COVID-19

## Impormasyon para sa Mga Kliyente

**Inilabas na Update: 17 Marso 2020**  
**Inaprubahan ni Jo Toohey, CEO**

*Ang fact sheet na ito ay para sa Mga Kliyente ng The Benevolent Society – hindi para sa karagdagang pamamahagi.*

Ang layunin ng fact sheet na ito ay upang magbigay ng payo sa Mga Kliyente tungkol sa tugon ng The Benevolent Society sa epekto ng Coronavirus (COVID-19).

### **Ano ang coronavirus at COVID-19?**

Ang mga coronavirus ay nagbibigay ng sakit sa mga tao at mga hayop. Ang ilang coronavirus ay maaaring maging sanhi ng sakit na tulad ng karaniwang sipon at ang mga iba ay maaaring maging sanhi ng mga mas malalang sakit, kabilang ang Severe Acute Respiratory Syndrome (SARS) at Middle East Respiratory Syndrome (MERS).

Ang bagong coronavirus na ito ay nagmula sa Probinsiya ng Hubei, China at ang pagkalat ng sakit ay pinangalanang COVID-19.

### **Paano kumakalat ang coronavirus?**

Ang coronavirus ay pinakamalamang na kumakalat mula sa isang tao patungo sa isang tao sa pamamagitan ng:

- Direktang malapitang kontak sa tao habang nakakahawa sila (kasama ang kung bago sila nagpapakita ng sintomas)
- Malapitang kontak sa tao na may kumpirmadong impeksiyon na umuubo o bumabahing; o
- Paghipo ng mga bagay o mga ibabaw (tulad ng mga hawakan ng pintuan o mga mesa) na kontaminado mula sa pag-ubo o pagbahing ng isang taong may kumpirmadong impeksiyon at pagkatapos ay paghipo ng iyong bibig o mukha.

Ang karamihan ng mga impeksiyon ay naililipat lamang ng mga tao kapag may mga sintomas sila. Maaaring kasama sa mga sintomas na ito ang lagnat, ubo, masakit na lalamunan, kapaguran at kakapusan sa paghinga. Ang mga impeksiyon ay maaaring mailipat bago magpakita ang tao ng mga sintomas, kaya mahalaga sa pangkalahatan na magsanay ng mabuting pagkontrol sa impeksiyon at kalinisan.

## **Pambansa, anong mga aksyon ang ginagawa para mahinto ang pagkalat?**

Noong 27 ng Pebreto, inaktiba ng Punong Ministro ang Pang-emerhensiyang Plano ng Pagtugon ng Sektor ng Kalusugan ng Australia para sa Novel Coronavirus (COVID-19) (Australian Health Sector Emergency Response Plan for Novel Coronavirus (COVID-19), na nagpasimula ng mga karagdagang hakbang para mapabagal ang pagpasok ng virus sa Australia sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga pagbabawal sa paglalakbay, pati na ang pagsisiguro sa kahandaan ng bansa para sa posibleng pandaigdigang pandemiko. Ang payong ibinigay sa fact sheet na ito ay batay sa impormasyong ibinigay ng mga awtoridad ng kalusugan ng Commonwealth at ng Estado.

Marami pang detalyadong payo tungkol sa mga pamproteksiyong hakbang ay makukuha mula sa website ng [World Health Organisation](https://www.who.int).

**Kung ikaw ay nasuri o naghihinala ka na maaaring mayroon kang COVID-19 – abisuhan kaagad ang kawani ng The Benevolent Society. Makikipagtulungan kami sa iyo para mahanap ang pinaka-angkop na paraan na maaari kaming makapaghatid ng mga serbisyo sa iyo. Mangyaring tandaan na ang mga serbisyo ay maaaring masuspinde kung ikaw o ang miyembro ng pamilya ay nasuri o na-ospital.**

Kung ikaw o sinumang miyembro ng pamilya mo o mga kaibigan ay natukoy bilang isang kontak ng isang taong may kumpirmadong COVID-19 na impeksiyon, ang lokal na pampublikong yunit ng kalusugan ay makikipag-ugnay sa iyo na may payo. Ikaw o ang (mga) miyembro ng pamilya mo, ay aatasang ihiwalay ang sarili ninyo sa bahay ng 14 na araw pagkatapos ng kontak sa na-impeksiyong tao, at subaybayan ang kalusugan mo at iulat ang anumang mga sintomas.

Ang tao patungo sa isang tao na pagkalat ng mga coronavirus ay karaniwang nagaganap sa pagitan ng mga taong nasa malapitang kontak sa isa't isa. Ang isang malapitang kontak ay karaniwang isang tao na naging magkaharap nang hindi bababa sa 15 minuto, o nasa parehong saradong lugar nang hindi bababa sa 2 oras, sa taong nakakahawa.

Ang yunit ng pampublikong kalusugan ay makikipag-ugnay sa mga malapit na taong kontak ng mga pasyenteng may COVID-19 na impeksiyon. Kung magkaroon ng anumang mga sintomas, ang mga kontak ay dapat tumawag sa yunit ng pampublikong kalusugan para iulat ang mga sintomas na iyon.

### **Kailangan ko bang ibukod ang sarili ko kung umuwi ako mula sa biyahe mula sa ibang bansa?**

Ang The Benevolent Society ay sumusunod sa payo ng Kagawaran ng Kalusugan ng Australia (Australian Department of Health) at mga awtoridad ng kalusugan ng Estado. Kasang-ayon sa payong ito, isinasagawa namin ang mga containment na inisyatibo kaugnay ng mga taong nagbiyahe sa mga lugar na mataas ang peligro, o maaaring nagkaroon ng kontak sa virus.

Kung nagbiyahe ka sa ibang bansa at bumalik sa Australia, dapat mong ibukod ang sarili mo ng 14 na araw. Ang ibig sabihin ng pagbubukod ng sarili sa bahay ay:

- Huwag pumunta sa mga pampublikong lugar tulad ng trabaho, paaralan, mga pamilihan, pinag-aalagaan ng bata o unibersidad

- Magpakuha ng pagkain at ibang mga pangangailangan mo sa isang tao at paiwan ito sa iyong harapang pinto
- Huwag magpapasok ng mga bisita – tanging ang mga tao lamang na karaniwang nakatirang kasama mo ang dapat na nasa bahay mo
- Siguraduhing nananatili ka sa isang kuwarto ng bahay para hindi mahawa ang mga ibang miyembro ng pamilya. Marami pang impormasyon mula sa [health.gov.au](http://health.gov.au)

Ang isang sentral na rehistro ng mga kliyenteng inatasan na magbukod ng sarili sa bahay ay itatabi sa National Office ng The Benevolent Society, maa-access ng Pangkat ng Pamamahala ng Krisis (Crisis Management Team) ng The Benevolent Society at ibang pangunahing tauhan. Kasama sa rehistro ang sumusunod na impormasyon:

- Pangalan ng kliyente
- Serbisyong inihatid
- Pangunahing Kontak sa The Benevolent Society
- Petsa ng pagsisimula at dahilan ng pagbukod
- Inaasahang petsa ng pagbabalik sa trabaho.

### **Sino pa ang kailangang magbukod ng sarili?**

Ang mga kliyente na nasa malapitang kontak sa **kumpirmadong kaso** ng coronavirus sa nakaraang 14 na araw (dapat ibukod ang sarili ng 14 na araw makalipas ang petsa ng huling kontak sa kumpirmadong kaso).

Mangyaring kausapin ang iyong kontak sa The Benevolent Society kung mayroon kang anumang alalahain o mga tanong na kaugnay sa fact sheet na ito.

Tumawag sa 1800 236 762 o mag-email sa: [customercare@benevolent.org.au](mailto:customercare@benevolent.org.au)